

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-37 REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 13 OKTUBRE 2003, IKA 016 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG BARANGAY VICTORIA.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Cesar T. Batcos
Konsehal Eduardo K. Soriano
Konsehal Mae Arlene M. Talens
Konsehal Juan S. Advincula
Konsehal Jesus S. Dela Cruz
Konsehal Ramil O. Dimapilis
Konsehal Angeles D. Bautista
Konsehal Jovito D. Estrada
Konsehal Gemar C. Montesa

- Tagapangulo

- Pangulo, Liga ng mga Barangay

Hindi Nakadalo: Konsehal Herman C. Erorita
Konsehal King Philip B. Dimapilis


- OB Manila


- Pangulo, Pambayang Pederasyon ng
Sangguniang Kabataan

KAPASYAHAN BLG. 083
Taong 2003

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PASASALAMAT SA SANGGUNIANG BARANGAY NG VICTORIA AT SA MGA MAMAMAYAN NITO SA MAAYOS NA PAGTANGGAP SA SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS SA PAGPUPULONG NA GINANAP SA NASABING BARANGAY.

- SAPAGKAT ang Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro ay nagkaisang idao ang regular na sesyon sa ikalawa at ikaapat na Lunes ng bawat buwan sa mga barangay ng bayang ito;
- SAPAGKAT ang ikasampung barangay na pinagdausan ng pulong ay ang Barangay Victoria na ginanap ngayong Oktubre 13, 2003;
- SAPAGKAT ang nabanggit na pulong ay dinaluhan ng Sangguniang Barangay ng Victoria at ilang mamamayan at dito'y nagkaroon ng maayos at makabuluhang pagdidiyalogo ukol sa mga pangangailangan at mga proyektong ikauunlad ng barangay;
- SAPAGKAT ang maayos na pagtanggap at pagbibigay ng panahon ng pamunuang barangay ng Victoria at ng mga mamamayan nito sa idinaos na pulong ay isang pagpapakilala ng malawak na kaisipan sa mga gawaing pampamahalaan at pangkaunlaran kung saan ang bawat mamamayan, namumuno man o tagasunod ay may mahalagang bahaging ginagampanan;







SAPAGKAT ang Sangguniang Bayan ito ay lubusang nagpapasalamat sa maayos na pagtanggap ng pamayanan ng Victoria sa bumubuo ng Sangguniang Bayan at sa staff nito sa ginawang pagpupulong sa barangay ngayong Oktubre 13, 2003.

DAHIL DITO, sa nagkakaisang mungkahi ng lahat -

IPINASYA. tulad ng pagpapasiyang ito na ipaabot sa Sangguniang Barangay ng Victoria at sa mga mamamayan nito ang taunpusong pasasalamat sa maayos na pagtanggap sa Sangguniang Bayan at sa staff nito sa pagpupulong na ginanap ngayong Oktubre 13, 2003.


IPINASYA PA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa Sangguniang Barangay ng Victoria, Roxas, Silangang Mindoro sa pamamagitan ni Punong Barangay Gemar C. Montesa para sa kanilang kaalaman at sanggunian.

Pinaglibay ng lahat. 13 Oktubre 2003


PINATUTUNAYANG WASTO:


VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN:


CESAR T. BATIGOS
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY.


JESUS M. DIMAPILIS
Punong Bayan